ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# SIGAW SA TAHIMIK NA GABI: ISANG PAGSUSURI SA PILING AWITIN NI FREDDIE AGUILAR BILANG MIDYUM NG ISYUNG KAHIRAPAN SA LIPUNAN

**Stephen P. Cinco[1,] Garry A. Portillo, PhD[2]**
*Leyte Normal University*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra24466
**DOI No: 10.36713/epra24466**

**ABSTRACT**
*Many Filipinos enjoy listening to music, and some of the most popular songs for the masses are "Dukha, Katarungan, and Bulag, Pipi at Bingi" by Freddie Aguilar. This study aims to analyze his songs to understand how they show social issues like poverty, the effect of poverty, and how his music serves as a medium for social awareness and advocacy. The study used the Realism and Sociological theories and applied qualitative design trough content analysis to examine the lyrics. The results show that Freddie Aguilar's songs use different themes, metaphor, and symbols to express messages. His song also talks about unequal justice, lack of education, unemployment, and hunger. They serve as a way to expose social problem, criticize government neglect, and show the absence of justice. The researcher recommends that future studies focus on the issue of poverty and justice in society. It is also suggested to promote fairness and justice for everyone, whether rich or poor, and to support kindness and equality for those who are marginalized or living in poverty.*
**KEYWORDS:** *Song, Poverty, Unequal Justice, Hunger, Unemployment.*

**ABSTRAK**
*Marami sa mga Pilipino ang mahilig makinig ng musika ilan sa mga tumatak na mga kanta sa masa ay ang mga kantang "Dukha, Katarungan, at ang Bulag, Pipi at Bingi" ng isang batikang manunulat na si Freddie Aguilar. Nabuo ang pag-aaral na ito na may layuning suriin ang mga piling awitin ni Freddie Aguilar paano naipapakita sa mga awitin ni Freddie Aguilar ang mga suliraning panlipunan tulad ng kahirapan, Ano ang mga naging epekto ng kahirapan ang makikta sa kanyang mga awitin, at Paano nagsisilbing midyum ng panlipunang kamalayan at panawagan ang kanyang musika. Ang saligang teoritikal na ginamit ay ang teoryang Realismo at Sosyolohikal. Ang ginamit na disenyo sa pag-aaral na ito ay kwalitatibong pag-aaral na ginamitan ng pamamaraang content analysis upang masuri ang mga liriko. Lumabas sa kahingian ng unang layunin na ang piling kanta ni Freddie Aguilar ay nakapokus sa istilong Direkta sa pinapaksa, May talinghaga, at Paggamit ng Simbolo, sa pangalawang layunin ay ang hindi patas na pagbibigay ng hustisya, hindi makapag tapos sa pag-aaral, nahihirapan sa paghahanap ng trabaho at ang kakulangan sa pagkain o ang gutom, at habang sa panghuling layunin naman ay natuklasang ang mga awitin ay ginagamit bilang midyum ng paglalantad ng suliraning panlipunan, pagbabatikos sa pagiging manhid ng pamahalaan, at pagsisiwalat sa kawalan ng hustisya. Kaya naman, inrerekominda ng mananaliksik sa susunod na mga mag-aaral at magsusuri ng piling kanta na bigyang pansin ang hinggil sa isyu ng kahirapan at sa patas na hustisya sa lipunan. Maglunsad o ipaigting ang patas na pagbibigay hustisya sa kahit na anong istado ng buhay mahirap man o mayaman. Suportahan ang patas na pakikipagkapawa sa mga taong na laylayan ang istadto ng buhay o sa mga mahihirap*
**MGA SUSING SALITA**: *Awitin, Kahirapan, Hindi Patas Na Hustisya, Pagkagutom, Kawalan Ng Trabaho.*

## 1. INTRODUKSYON

Ang bawat tao ay may karapatang maging malaya, may karapatang magkaroon ng malayang pamumuhay at higit sa lahat may karapatang magkaroon ng karapatang ipagtanggol ang sarili, mayaman man o mahirap. Ang bawat tao ay dapat may sariling kapalaran hindi pinagdedesisyunan ng mga mayayaman.

Hindi na maipagkakaila na maging hanggang sa ngayon marami pa ring mahihirap ang hindi nakakamit ang hustisya, hindi magawang maipagtanggol ang sarili dahil sa kakulangan ng kapangyarihan sa ating lipunan, maraming mahihirap ang hindi makuhang mabigyan ng hustisya ang kanilang sarili o maging ang kanilang mga mahal sa buhay. Isa sa mga rason dito, dahil ang kabilang panig ay may maraming pera, may malakas na koneksiyon at sa madaling salita may malakas na kapangyarihan sa lipunan. Halos lahat ng mga mahihirap nakararanas ng hindi patas na hustisya.

Dahil dito minsan hindi na nagtitiwala ang mga tao sa tinatawag na hustisya. Sa pag-aaral nina Regalado at Sun (2024), Ang marupok na demokrasya ng Pilipinas ay nagbibigay ng natatanging konteksto sa pag-unawa sa mga salik na may kaugnayan sa tiwala ng publiko sa pulisya at hukuman. Bagamat parehong bahagi ng sistemang pangkatarungan, may magkakaibang tungkulin at proseso ang pulisya at mga korte, kaya't naiiba rin ang paraan ng pakikisalamuha ng mamamayan sa mga ito. Dagdag pa sa Pag-aaral ni Ludangco (2023), natuklasan sa pag-aaral na ang rasismo at diskriminasyon ay sistemiko at umiiral sa buong mundo. Higit itong nararanasan

ng mga taong may kulay, kabilang sa minorya, at higit sa lahat, yaong mga nasa laylayan ng lipunan o mahihirap. Laganap ang kawalan ng pananagutan at ang patuloy na pag-iral ng diskriminasyon batay sa katayuang panlipunan at pang-ekonomiya.

Ang pagbubukod at paglimita ng oportunidad sa mga mahihirap ay lalong nagpapalalim sa umiiral na hindi pagkakapantay-pantay. Dapat tugunan ng Pilipinas ang mga isyung ito sa pamamagitan ng pagtupad sa mga internasyonal na kasunduan at patakaran na naglalayong wakasan ang lahat ng anyo ng diskriminasyon. Tungkulin ng mga tagapagpatupad ng batas na tiyakin ang pantay na proteksyon para sa lahat, alinsunod sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas.

Bagama't may mga batas na nakasuporta sa mga mahihirap sa pagiging pantay ng hustisya tulad sa nabanggit ng Supreme Court E-Library (2019), sa *Artikulo VIII – Social Justice and Human Rights sa ilalim ng 1987 Philippine Constitution* – nakasaad dito na ibilang ang pagkapantay-pantay at pagbawas ng kakulangan sa yaman bilang pangunahing mandato ng estado. Naka-angkla sa Konstitusyon ang suporta para sa trabaho, lupa, edukasyon, pabahay, at kalusugan ng mahihirap. Subalit parang walang masyadong nangyayari at hindi natatamasa ng mga mahihirap ang isinasaad sa konstitusyon. Dagdag pa ni Buella (n.d.), ang hustisya sa Pilipinas ay nananatiling isang kontrobersyal na isyu, lalo na para sa mga mahihirap ay nagiging sanhi ng kawalan ng patas na laban sa hukuman. Sa bansang kung saan ang sistemang legal ay madalas na napagkakaitan ng pantay na karapatan sa katarungan. Na nagpapakita sa malalim na agwat ng mayayaman at mahihihrap sa pagtatapo sa hustisya.

Bilang tugon sa kahirapan ang ilang mga mang-aawit ay ipanapalabas namalang ang mga saloobin sa paggawa ng mga kanta nang sa gayon ay maibsan ang kanilan igat na nararamdaman. Mayroon ding ibang kahit hindi nila naranasan ang labis na kahirapan sa buhay ay sumusulat at ginagamit ang kanilang naoobserahan sa lipunan upang makabuo ng mga liriko na makakamulat sa mata ng mga tao at sa mga taong nanungkulan kung baga ito ang nagiging sigaw sa tahimik na gabi na kanilang tinatamasa sa araw-araw. Tulad sa pag-aaral nina Baker et al., (2019) Ipinapahiwatig ng mga resulta na, sa pangkalahatan, ang umiiral na literatura ay nagbibigay ng makatotohanang representasyon ng mga nagaganap sa aktwal na klinikal na praktis. Karaniwang isinasagawa ang pagbuo ng kanta sa pagitan ng therapist at indibidwal na kliyente sa loob ng isang sesyon, kung saan ang mga liriko ay karaniwang binubuo muna bago ang musika. Mahalaga ang naging papel ng mga clinician sa paglikha ng musika, at pantay na ginagamit ang parehong improvised (biglaang likha) at pre-determined (nakaplano na) na mga estruktura ng tunog.

May mga kantang nakakapukaw sa damdamin ng mga tagapakinig dahil sad ala nitong mensahe tulad sa mga ginawang kanta ng batikang manunulat na si Freddie Aguilar na nagbibigay liwanag sa mga nangyayari at nararanasanng mga mahihirap, maraming kanta ang kanyang isinulat na may kinalaman sa kahirapan tulad ng *Dukha, Bulag, Pipi, at Bingi, at Katarungan.*

### 1.1 Layunin

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin kung paanong ang mga piling awitin ni Freddie Aguilar partikular ang "Katarungan," "Bulag, Pipi at Bingi," at "Dukha" ay nagsisilbing tagapagsalita ng mga hinaing at panawagan ng mga naaaping sektor ng lipunan. Nilalayon din nitong tukuyin ang mga temang panlipunan na inilalarawan sa kanyang musika at kung paanong ito'y naging midyum ng kritika sa umiiral na sistemang panlipunan. Ang sumusunod na katanungan ay magsisilbing gabay na layunin;

1. Istilo kung paano naipapakita sa mga awitin ni Freddie Aguilar ang mga suliraning panlipunan tulad ng kahirapan?
2. Ano ang mga naging epekto ng kahirapan ang makikta sa kanyang mga awitin?
3. Paano nagsisilbing midyum ng panlipunang kamalayan at panawagan ang kanyang musika?

### 1.2 Saligang Teoritikal

Ang pagsusuri ay nakasalig sa teoryang Realismo at Sosyolohikal. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito matatalakay ang mga saklaw at pagsusuri. Batay sa teoryang realismo ito ay may layuning ipakita ang mga tunay na karanasan na nasaksihan mismo ng may-akda sa kanyang lipunang ginagalawan. Maaring nasa isa tayong bansa, subalit iba-iba pa rin ang takbo ng buhay ng bawat isa, kaniya-kaniyang pakikipagsapalaran at kaniya-kaniya ring karanasan. Sa inilathala ni Agoncillo (2017), ipinapakita nito ang tunay o katotohanan ng buhay maging ito man ay maganda o masama sapagkat layunin nitong ipahiwatig o ilahad ang mga panyayari sa tunay na buhay.

Ang teoryang sosyolohikal naman ay may layuning ipakita ang kalagayan at suliraning kinakaharap ng lipunang kinabibilangan ng may akda. Ipinakikita rito ang mga pamaraan o kaparaanan sa pagsugpo o paglutas sa mga nasabing suliranin. Isang halimbawa ay ang ginawang pagsusuri sa kantang "Magdalena" ni Movilla (2018), layuning maipakita ang suliranin at kalagayang panlipunan na kinabibilangan ng may-akda, sa awiting "Magdalena", nais iparating ng manunulat na isa ang kahirapan sa mga sakit ng lipunan na tila hindi mabigyang lunas.

Magsisilbing gabay ang mga teoryang ito sa pagsusuri sa mga piling awitin ni Freddie Aguilar na pinamgatang "Dukha", "Katarungan" at ang "Bulag, Pipi at Bingi". Bibigyang tugon ng teoryang relismo ang mga liriko na ginamit ni Freddie Aguilar batay sa kanyang naoserbahan sa lipunang gingalawan at sa mga problemang kanyang nakita na naging rason sa kanyang paggawa ng kanta. Samantala, ang teoryang sosyolohikal ay naka pokus sa suliraning nakapaloob sa mga awitin upang maisiwalt ang tunay na kaganapan, sa tulong nito masusuri ang kalagayan ng lipunan sa loob ng piling awitin ni Freddie Aguilar.

### 1.3 Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga taong gustong suriin ang ilang mga kanta ni Freddie Aguilar na may koneksyon sa isyung panlipunang kahirapan. Magsisilbing gabay at mapapakinabangan ang mga resultang nakalap sa pag-aaral. Magiging batayan ito sa pagbuo ng mga panuntunan at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pananatili na huhubog sa kamalayan ng bawat isa hinggil sa mga nararanasan ng mga taong may kinakaharap na problema tulad ng kahirapan.

**1.4 Saklaw At Limitasyon ng Pag-aaral**
Saklaw ng pananaliksik na ito ang pagsusuri paano naipapakita ng mga kanta ni Freddie Aguilar ang mga suliranin sa lipunan tulad sa mga kahirapang tinatamasa ng ilan sa mga tao sa lipunan. Nililimitahan naman ang pag-aaral sa kung anong uri ng kahirapan ang makikita sa piling mga kanta at sa kung paano nagsisilbing midyum ng panlipunang kamalayan at panawagan ang kanyang musika

## 2. METODOLOHIYA

Inilahad sa kabanatang ito ang mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik kabilang ang desinyo ng pag-aaral, kaligiran ng pag-aaral, pamantayan sa pagpili ng kanta at paraan ng pangngalap ng datos.

**2.1** Disenyo ng Pag-aaral
Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng pamamaraang Content Analysis. Ang Content analysis ay ang pagsusuri sa nilalaman, kapaki-pakinabang sa pagsusuri ng isang hanay ng mga virtual o pandiwang materyales. Sa mundo ng akademiko at negosyo, ang pamamaraan ay inilapat sa midya analysis, pelikula , kanta advertising at pananaliksik sa komunikasyon. Sa mga paaralan, gingamit ang pagsusuri ng nilalaman upang pag-aralan ang iisang dokumentong eksperto ng mga gawa, larawan at mga ilustrasyon. Ito ay kapaki-pakinabang di kapag ang isa ay naghahambing ng dalawa o higit pang mga mapagkukunan para sa isang paksa. Maraming makasaysayang dokumento ang maaring masuri sa pamamaraang ito. (Gustafson, 1984)

Ang disenyo at pamamaraan na ito ay naangkop sa pag-aaral na isinagawa dahil ang pananaliksik na ito ay naglalayong malaman o masuri kung paano naipapakita sa mga awitin na pinamagatang “Dukha”, “Katarungan” at ang “Bulag, Pipi at Bingi” ni Freddie Aguilar ang mga suliraning panlipunan tulad ng kahirapan, ano ang naging epekto ng kahirapan na nakapaloob sa mga piling kanta ni Freddie Aguilar at paano nagsisilbing midyum ng panlipunang kamalayan at panawagan ang kanyang musika.

**2.2** Kaligiran ng Pag-aaral
Ang awiting Dukha, Katarungan, at ang Bulag, Pipi, at Bingi ni Freddie Aguilar ay ilan sa mga kantang tumatak sa lipunan. Pumuli ang mananaliksik ng mga kantang may temang patungkol sa kahirapang dinaranas ng mga tao sa lipunan. Ang pag-aaral na ito ay ginawa at binuo sa Pamatasan ng Leyte Normal, siyudad ng Tacloban kung saan kasalukuyang nag-aaral ang mananaliksik.

**2.3** Paraan ng Pangangalap ng Datos
Ang pag-aaral na ito ay ginawa ang mga sumusunod na hakbang:

**Una**, nagsaliksik ang mananaliksik sa mga kanta ni Freddie Aguilar na nauugnay o kinakitaan ng mga teoryang napili.

**Pangalawa**, isinaalang-alang ng mananaliksik ang pagpili ng kanta na tumutugma sa layunin ng pag-aaral. Ikatlo, sinimulang suriin ng mananaliksik ang mga napiling kanta.

**Pangatlo**, suriin ang mga piling kanta gamit ang Thematic analysis na may kaugnayan sa pangalawang layunin. Ikaapat. Sinimulan ng mananaliksik ang pagsusuri sa awiting napili.

## 3. RESULTA AT DISKUSYON NG PAGSUSURI

Nakapaloob sa bahaging ito ang naging resulta ng isinagawang pagsusuri sa mga peling kanta ni Freddie Aguilar na pinamagatang Dukha, Katarungan at ang Bulag, Pipi at Bingi gamit ang teoryang realism at sosyolohikal.

**3.1 Istilo ng pagpapakita sa mga suliranin.**
Sa bahaging ito, sinipat ng mananaliksik ang paraan ng pagpapakita ni Freddie Aguilar ng iba’t ibang suliranin sa pamamagitan ng musika. Ipinakita dito kung anong istilo ang ginamit upang maibahagi sa mga tagapakinig ang suliraning kinakaharap sa lipunang ginagalawan.

***Talahanayan 1. Paraan ng pagpapakita sa mga suliranin***

| Mga Istilo | Liriko sa kanta | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Direkta sa Pinapaksa | *“Ako’y isang anak mahirap<br>Lagi nalang nagsususmikap<br>Ang buhay ko’y walang sigla<br>Puro na lang dusa<br>Paano na ngayon ang buhay ko”<br>-Dukha-* | Dahil sa kahirapan hindi na maranasan ng ilang tao ang magpahinga kung saan gagawin ang lahat upang magkaroon lamang ng makakain, hindi na maranasan ang mga magagandang karanasan sa buhay sa walang labis na paghahanap buhay. |
| | *“Sa bawat yugto ng buhay<br>May wasto at may mali<br>Sa bawat nilalang ay may Bulag,<br>Pipi at Bingi.”* | Hindi lahat ng tao ay mararamdaman ang lahat ng pandama, hindi lahat ng tao ay mararanasan ang nararansasan ng bawat isa, dahil may ilang mga tao ang hindi manlang makakita ng makukulay na bagay sa kanilang buhay, Hindi lahat ng tao nasasabi ang kanilang gustong sabihin at hindi lahat ng tao naririnig ang gusto nilang marinig dahil sa ating mundo may mga taon Bulag, |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| | -Bulag, Pipi at Bingi- | Pipi, at Bingi o may mga kapansanan na nagiging balakit sa kanilang buhay. |
| | “Oh, ang batas ng tao kung minsan ay di mo maintindihan<br>Ilan pang tulad n’ya ang magdurusa nang walang kasalanan?”<br><br>*-Katarungan-* | Hindi na lingid sa ating kaalaman na minsan ang batas ng tao ay nagbabago, nagbabago depende sa kung sino ang nangangailan may mga kababayan tayong hindi nabibigyan ng patas na hustisya dahil sa hindi maintindihang batas na ipinatutupad sa karamihan. Minsa makakamtan ngunit kadalasan hindi ng mga taong mahihirap. |
| | *“Isang kahig isang tuka<br>Ganyan kaming mga dukkha”<br><br>-Dukha-* | Ilan sa ating mga kababayan ang hindi man lang makompleto ang tatlong beses na pagkain sa isang araw. Minsan kinakailangan nitong maghanap ng trabaho upang matustusan ang gutom na nararanasan ng kanilang tiyan. |
| May Talinghaga | *“Malayo ang iniisip at nakakuyom ang yaring mga palad”<br><br>-Katarungan-* | May mga taong pinagbabayaran ang mga salang hindi nila ginawa na kung saan napupunta sila sa selda sa salang iba ang gumawa, nakahawak sa kulungan at malayo ang iniisip kung kalian magkakaroon ng maayos na hustiya sa bawat lipunan. |
| | *“Sampung daliri, kaibigan<br>D’yan ka nila pakikinggan<br>Pipi kaman ng isinilang<br>Dakila ka sa sinuman”<br><br>-Bulag, Pipi at Bingi-* | Marami munang pagdaaraaang paglilitis, marami munang babayaran ng ilan sa ating mga kababayang upang makamit ang hustisyang inaasam. Lilipas muna ang panahon bago tunay na makamtan ang hustisya sa ating mahihirap na kababayan. |
| | *“Madilim ang ‘yong pailigid<br>Hating-gabing walang haggan<br>Anyo at kulay ng mundo sa ‘yo’y pinagkaitan”<br><br>-Bulag, Pipi at Bingi-* | Minsan masgugustuhin pa ng ilang mga taong maging bulag upang indi makita ang mga hindi magandang gingawa at nararanasan ng mga tao sa lipunan. Mas gugustuhing hindi makita ang mga paghihirap na nararanasan ng karamihang tao na salat sa buhay. |
| Paggamit ng Simbolo | *“Sa isang upuang bakal na kay dami nang buhay ang inutang”<br><br>-Katarungan-* | Sa upang ito may ilan sa mga nasawi at binawian ang buhay ay walang sala, kung saan ay napagbintangan laman, sa mga buhay na inutang sa mga taong pinagbayaran ang kasalanang ni minsan ay ginawa ng mga taong napagbintangan at sinisi lamang sa krimeng hindi naming ginawa. |

Makikita sa *talahanayn 1.* Ang mga istilong ginamit ng manunulat na si Freddie Aguilar sa kanyang mga kanta upang maipakita ang panlipunang suliranin sa pamamagitan ng mga awitin ang sumusunod ay ang istilong nasuri ng manunuri;

**Direkta sa Pinapaksa.** Ipinapakita sa kanta ang ang paraan direkta sa pinapaksa na kung saan gumamit ito ng mga salitang madaling maintindihan ng mga tagapakinig. Sa pamamagitan nito mas madaming tagapakinig ang madaling makaiintindi sa gustong ipahiwatig ng tagapagsulat. Katulad sa sumusunod na liriko sa awitin;

*“Sa akin ay walang tumatanggap*
*Mababa raw ang aking pinag-aralan*
*Grade one lang ang inabot ko*
*No read no write pa ako*
*Paano na ngayon ang buhay ko”*

Piniling gamitin ng manunulat na si Freddie Aguilar ang mga salitang payak o masmadaling maintindihan ng mga tao sa masa upang mas madama at malaman ng karamihian ang mga kinakaharap na suliraning panlipunan sa bayang kanyang gingalawan, dahil isa ang wika sa mga instrumento upang maipamahagi ang mensaheng nais iparating. Tulad sa nabanggit sa pag-aaral nina Tomas et al. (2022), nagkakaroon ng pagkakalito at kahirapan sa bokabularyo o talasalitaan ng wikang Filipino. Ayon sa mga kalahok nahihirapan sila sa mga malalalim na salita, at mga terminolohiya.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**May Talinghaga.** Batay sa nakalap na resulta sa pagsusuri ng ilang mga awitin isa ang Talaginghaga sa ginamit na istilo ng manunulat upang mapalawig at mapaganda ang nilalaman ng kanta dahil sa tulong ng paggamit ng salitang matalinghaga nagkakaroon ng magandang paraan ng pagsulat. Katulad sa sumusunod na liriko sa awitin;

*"Isang kahig isang tuka*
*Ganyan kaming mga dukha"*

Makikita sa lirikong ito na gumamit ang manunulat ng matalinghagang salita na may katumbas na kahirapan ang "isang kahig isang tuka" sa tulong nito masa napaganda at napalalim ang ibigsabihin ng salita gamit ang talinghagang ginamit. Ayon pa sa pag-aaral ni Dabon (2025), batay sa mga datos na nakakalap, kakikitaan ng malalim na paggamit ng wika ang mga kanta ni Cabangon upang mas mapalawak at maging malalim ang kahulugan ng mga salitang ginamit.

**Paggamit ng Simbolo**. Gumamit ng ilang mga simbolo ang manunulat sa paggawa ng kanta upang hindi agarang isiwalat ang tunay na nilalaman ng awitin. Sa pamamagitan nito maraming ideya ang maaring mabuo kung ano ng aba ang sinisimbolo ng ng isang salita. Tulad sa bahagi ng liriko ng kanta na;

*"Sampung daliri"*
sa
*"Sampung daliri,kaibigan*
*Dyan ka nila pakikinggan*
*Pipi ka man nang isinilang*
*Dakila ka sa sinuman"*

Pinili ng manunulat ang simbolong "sampung daliri" upang mapalalim ang pag-unawa ng mga tagapakinig kung ano ngaba ang sinisimbolo nito. Ang sampung daliri ay nakapokus kung gaano katagal magkaroon ng aksyon ang pamahalaan sa mga taong walang masayadong kapangyarihan sa lipunan. Ayon sa inilathala ni Hugo (2024), nagiging masining ang pagpapahayag sa awit kung ito ay hinugot sa tula. Kadalasan ang kanta ay nagiging mas romantiko kapag ito ay ginagamitan ng mga simbolo.

Makikita sa unang talahanayan na ang istilong ginamit ng manunulat ay nakapokus sa istilong Direkta sa pinapaksa, May talinghaga, at Paggamit ng Simbolo an piling kanta ni Freddie Aguilar ay umuiikot lamang sa tatlon istilong nahanap ng manunuri kung paano naipahihiwatig ang mga isyung panlipunan gamit ang pagbuo ng kanta.

### 3.2 Mga epekto ng Kahirapan

***Talahanayan 2. Mga epekto ng Kahirapan.***

| Mga naging Epekto ng Kahirapan | Liriko mula sa Kanta | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Kawalan ng patas na Hustisya | *"Ibig mo mang umawit<br>Hindi mo makuhang gawin<br>Sigaw ng puso't damdamin wala<br>Sa 'yong pumapansin"*<br><br>*-Bulag, Pipi at Bingi-* | Ibig mom ang ipagtanggol ay iyong sarili ay mawawalang saysay ang lahat ng paghihirap na iyong gagawin, sapagkat walang makikinig sa hinaing ng taong walang lakas at kapangyarihan sa lipunan. |
| | *"Ang tanong n'ya sa sarili ay<br>kalian magigisnan ang liwanag<br>Malayo ang iniisip at nakakuyom<br>yaring mga palad<br>Bakit daw s'ya nagdurusa sa<br>Kasalanang di n'ya ginawa"*<br><br>-Katarungan- | Para sa isan taong malinis ang konsensya labis na mahirapa para sa kanila na pagbayaran ang kasalanang hindi nito ginawa. Ang kasalanang iba ang may sala ngunit dahil sa walang kapangyarihan hindi maipagtanggol ang sarili. |
| Makapagtapos sa Pag-aaral | "Grade one lang ang inabot ko<br>No read no write pa ako<br>Paano na ngayon ang buhay ko"<br><br>*-Dukha-* | Di lingid sa ating kaalaman may ilang kababayan ang hindi nakapagtapos ng pag-aaral kahit sa elemetarya dahil sa kahirapang kinakaharap nito. Mas pinipili nilang tumulon sakanilang mga magulan upang makahanap ng makakain. |
| Makahanap ng Trabaho | *"Sa akin ay walang tumatanggap<br>Mababa raw ang aking pinag-aralan"*<br><br>*-Dukha-* | Dahil sa hindi nakapagtapos ng pag-aaral may ilan sa lipunan ang hindi tinatanggap sa trabaho sapagkat hindi nakapagtapos dahil sa taas ng istandard upang makapasok sa trabahong nais nitong pasukan. |
| Kakulangan sa Pagakain | *"Isang kahig isang tuka<br>Ganyang kaming mga dukkha"*<br><br>*-Dukha-* | Maraming Pilipino ang hindi makakain ng tatlong beses sa bawat araw may ilang tao o pamilya ang iniraraos ang isang kainan lamang sa bawat araw at halos hindi makakain ng kahit delata. |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Makikita sa talahanayan 2 na ang lumabas sa pagsusuri tungkol sa mga naging epekto ng kahirapan na makikita sa kanta ay ang sumusunod;

**Hindi patas na Hustisya**. Hanggang sa panahon ngayon nanatili pa rin ang sistemang hindi patas na patungkol sa pagbibigay ng hustisya. Nariyan ang ibang tagapagpatupad ng batas na minsan ay hindi naibibigay ang tamang hustisya para sa taong nagkaroon ng pagkasala maging sa mga taong pinagbabayaran ang kasalanang hindi naman niya ginawa, tulad sa liriko isa sa mga piling awitin ni Freddie Aguilar;

*"Namumuhay nang tahimik sa isang munting tahanang may tuwa*
*Ang kaligayahan ay pinutol ng isang paratang sa kanya*
*S'ya daw ang may sala sa isang paratang sa kanya*
*Siya daw ang may sala sa isang krimen na di niya naman ginawa*
*Wala na bang katarungan ang isang nilalang na katulad n'ya?"*

Maraming batas ang ipinapatupad sa isang lipunan subalit marami pa ring tao sa lipunan ang hindi nagtatamasa at hindi sumusunod na nagiging sanhi ng pagkakakulong subalit hindi lahat ng mga nakakulong ay may kasalanang nagawa yung iba ay napagbintangan lamang na kung saan pilit nitong pinagbabayaran ang kasalanang hindi naming nagawa. Inilathala ni Cahatol (2025) sa ABC-CBN news na ang kaso ni Tatay Pruding ay hindi simpleng pagkakamali sa pagkakakilanlan. Isa itong sinadyang maling pagtukoy, na inuudyukan ng baluktot na insentibo ng sistemang gantimpala, at isinagawa nang may matinding paglabag sa mga batayang pamantayan ng pagpapatupad ng batas, due process, at dangal ng tao. Dagdag pa ni Buella (n.d.), ang hustisya sa Pilipinas ay nananatiling isang kontrobersyal na isyu, lalo na para sa mga mahihirap ay nagiging sanhi ng kawalan ng patas na laban sa hukuman. Sa bansang kung saan ang sistemang legal ay madalas na napagkakaitan ng pantay na karapatan sa katarungan. Na nagpapakita sa malalim na agwat ng mayayaman at mahihihrap sa pagtatapo sa hustisya.

**Kahirapang makapagtapos sa pag-aaral**. Hangang sa kasalukuyang panahon kahit na marami ng hakbang ang ginagawa ng gobyenro marami pa ring kabataan ang hundi nakapagtatapos sap ag-aaral dahil sa kahirapang tinatamasa tulad sa nabanggit sa liriko ng kanta;

*"Grade one lang ang inabot ko*
*No read no write pa ako*
*Paano na ngayon ang buhay ko"*

Napipilitang tumigil sa pag-aaral ang ilan sa mga kabataan at nagsisismulang mag banat ng buto upang matulungan ang kanilang mga magulang sa paghahanap-buhay. Dahil kahit na marami ang mga paraang gingawa ng gobyerno tulad sa pagpapatupad ng libreng pag-aaral sa kolehiyo ay hindi mapagkakaila na may ilang bayarin pa rin na tinatawag na *miscellaneous fee* na minsan hindi nakakayanang bayaran ng mga taong naghihirap. Ayon pa sa nabanggit ni Panskie (2024), ang isa sa mga suliranin ng ating bansa ay ang mga kabataang hindi nakapag-aral sa kadahilanang ang kanilang mga magulang ay walang maipangbili ng mga gamit ng nila sa eskwelahan kaya napipilitan rin silang hindi mag-aral.

**Kahirapan sa paghahanap ng Trabaho**. Ang pagahahanap ng trabaho ay isa sa mga pinakamahirap para sa buhay ng tao hindi dahil sa maraming kailangang ipasa bagkus maytinitignan ring istandard o kwalipikasyon upang makapasok sa gustong trabaho. Tulad sa kung nakapagtapos ba sa pag-aaral at kung anong kurso ang napagtapusan dahil may ibang kompanya ang hindi tutmatanggap sa mga taong halos hindi nakapagtapos sa pag-aaral. Tulad sa nabanggit sa liriko ng kanta;

"*Sa akin ay walang tumatanggap*
*Mababa raw ang aking pinag-aralan*
*Grade one lang ang inabot ko*
*No read no write pa ako*
*Paano nangayon ang buhay ko"*

Napakahirap talagang makahanap ng trabaho lalo na kung hindi ka nakapagtapos ng pag-aaral. Ngunit sa panahon ngayon kahit nakapagtapos ka pa ng kolehiyo ay hindi pa rin madali ang makahanap ng trabahong mapapasukan. Ayon pa sa nabanggit sa pag-aaral ni Ag (2019), labis na nakakaapekto ang antas ng pinag-aralan dahil hindi sila nakapagtapos ng kolehiyo hindi sila tintanggap ng mga opisinang gusto nilang pagtrabahuan.

**Kawalan ng sapat na pagkain.** Simula pa noon hindi na nawala an isyung panlipunan na kakulangan ng pagkain ng mga tao o pamilya nasa laylayan ang istado ng buhay. May mga taong gagawin ang lahat makuha at mabili lamang ang inaasam o pinapangarap na masasarap na pagkain na minsan lang matikman. Lahat ay gagawin upang magkaroon lamang ng laman ang kanilang mga tiyan na mula umaga hanggang tanghali ay walang laman. Tulad sa liriko ng awit ni Freddie Aguilar;

"*Isang kahig isang tuka*
*Ganayan kaming mga dukha"*

Ang pagkain ang pinakamahalaga sa mga tao upang maibisan ang kanilang gutom at magakaroon ng malakas resistensya para sa pang araw-araw na buhay, makikita sa katawan ng tao kung gaano kahalaga ang pagkain dahil hindi lahat ng mga tao ay nararanasan ang kumain ng tatlong beses kada isang araw na nagsasanhi ng pagkakasakit ng mga bata at matatanda. Ayon pa nga sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao o BARMM (2024), kabilang sa nakakapagpataas ng bilang ng malnutrisyon sa mga batang limang-taong-gulang pababa sa rehiyon ay ang kahirapan, kakulangan ng mapagkukunan ng pagkain (food insecurity), hindi sapat na pangangalaga sa kalusugan at laging pagkakaroon ng di inaasahang sakuna at kalamidad.

Lumalabas sa pagsusuri na ang mga naging epekto ng kahirapan na ipinapakita sa awitin ay ang hindi patas na pagbibigay ng hustisya, hindi makapag tapos sa pag-aaral, nahihirapan sa paghahanap ng trabaho at ang kakulangan sa pagkain o ang gutom.

**3.3 Awit Bilang Midyum ng Panlipunang Kamalayan at Panawagan.**

***Talahanayan 3. Paano naging isang midyum ang ilang piling awitin ni Freddie Aguilar.***

| Awit | Midyum | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| Dukha | Paglalantad ng suliraning panlipuanan na kahirapan | Ipinapakita nito ang matinding kahirapan na nararanasan ng maraming Pilipino. Inilalarawan dito ang buhay ng mga nasa laylayan ng lipunan na salat sa pagkain, edukasyon, at oportunidad. Sa pamamagitan ng kanta, naipapahayag ang hinagpis at pagnanais ng mga mahihirap na mapansin ng lipunan at gobyerno. |
| Bulag, Pipi at Bingi | Pagbatikos sa pagiging manhid ng pamahalaan | Ipinapakita rito ang isang pamahalaang walang pakialam sa hinaing ng mamamayan. Ang gobyerno ay bulag sa katotohanan, pipi sa sigaw ng bayan, at bingi sa panawagan ng katarungan at pagbabago. |
| Katarungan | Pagsisiwalat sa kawalan ng hustisya | Tumutuligsa ito sa sistemang hindi patas at puno ng katiwalian, kung saan ang hustisya ay kadalasang pabor lamang sa may kapangyarihan at pera. |

Makikita sa talahanayan 3. Na ang piling awitin ni Freddie Aguilar na pinamagatang Dukha, Katarungan, at Bulag Pipi at Bingi ay nagsisilbing midyum ng sumusunod;
**Paglalantad ng suliraning panlipunan na kahirapan.** Ang kahirapan ay ang istado ng buhay na nasa laylayan, dahil sa kakulangan ng pera na ginagamit upang matustusan ang pangangailangan ng bawat isa hindi nakakamtan ang masaganang pamumuhay at masayang pakikipagtalastasan sa karamihan dahil sa hindi magkapantay ang nagiging trato ng mga ito sa lipunang kinabibilangan. Ayon pa kay Dolor (2023), ang kahirapan ay higit na matutukoy sa pamamagitan ng paaraan pamumuhay ng mga tao sa komunidad kung saan ang isa sa mga buhay at sa antas ng mga inaasahan nila ay hindi kayang tugunan ang mga pangunahing pangangailangan. Ginagamit ang musika upang gisingin ang damdamin ng mga nakikinig tungkol sa di-pantay na distribusyon ng yaman.

**Pagbabatikos ng pagiging manhid ng pamahalaan**. Ibis na ang pamahalaan ang unang gagawa ng aksyon para sa mga taong naghihirap, minsan sila pa ang nagbibigay ng labis na pahirap sapagkat hindi nila ginagawaa ang kanilang tunkuling protektahan ang mga taong nangangailangan ng tulong bagkos ay nagwawalang kibo at hindi nalang binibigyang pansin ang mga mahihirap na humihingi ng tulong. Ayon pa sa inilathala ni Gerona (n.d.), ang hindi pantay na pamamahagi ng yaman at mga yaman ng bansa ay kadalasang humahantong sa hindi balanseng kapangyarihan, kung saan ang mayayaman ay may mas malawak na akses sa mga oportunidad, edukasyon, serbisyong pangkalusugan, at impluwensiya sa pulitika. Ito ay maaaring magbunga ng siklo ng kahirapan, kung saan ang mga mahihirap ay patuloy na pinagkakaitan ng paraan upang mapabuti ang kanilang kalagayan at makaangat sa buhay. Ang mga awit ay isang matapang na komentaryo sa pamahalaan na tumatangging makinig o kumilos para sa kapakanan ng nakararami.

**Pagsisiwalat sa kawalan ng hustisya**. Ito ay tumutukoy sa sinadyang pagwawalang-bahala ng pamahalaan sa mga umiiral na suliranin gaya ng matinding kahirapan, korapsyon, karahasan, at paglabag sa karapatang pantao. Sa halip na kilalanin at harapin ang mga ito, may mga pagkakataong pinipiling pagtakpan, pabayaan, o ipagkait ang datos upang mapanatili ang imahe ng kaayusan o tagumpay. Ayon pa kay Buella (n.d.), ang hustisya sa Pilipinas ay nananatiling isang kontrobersyal na isyu, lalo na para sa mga mahihirap ay nagiging sanhi ng kawalan ng patas na laban sa hukuman. Sa bansang kung saan ang sistemang legal ay madalas na napagkakaitan ng pantay na karapatan sa katarungan. Na nagpapakita sa malalim na agwat ng mayayaman at mahihihrap sa pagtatapo sa hustisya. Sa pamamagitan ng awitin, naihahayag ang pagkainis ng taumbayan sa mga kaso ng hindi pagkakapantay-pantay sa pagtrato ng batas.

Lumalabas sa pagsusuri na ang mga awitin ay ginagamit bilang midyum ng paglalantad ng suliraning panlipunan, pagbabatikos sa pagiging manhid ng pamahalaan, at pagsisiwalat sa kawalan ng hustisya.

## 4. LAGOM NG MGA NATUKLASA AT KONKLUSYON

Batay sa natuklasan na resulta sa pagsusuri ang mananaliksik ay nakabuo ng sumusunod na konklusyon:

1. Kabilang sa mga istilo sa pagpapakita ng kahirapan gamit ang kanta ay ang pagiging Direkta sa pinapaksa, May talinghaga, at paggamit ng mga simbolo
2. Habang ang naging epekto ng kahirapan na makikita sa mga piling awitin ay ang Kawalan ng pantay na hustisya, kahirapang makapatapos ng pag-aaral, kahirapang makahanap ng trabaho, at ang kakulangan ng pagkain na nagiging sanhi ng gutom.
3. At, nagsisislbing midyum ng panlipunang kamalayan at panawagan ang mga piling musika ni Freddie Aguilar sa paglalantad ng suliraning panlipunang kahirapan, pagbatikos sa pagiging manhid ng pamahalaan, at pagsisiwalat sa kawalan ng hustisya.

### 4.1 Rekomendasyon

1. Inererekomenda sa susunod na mga mag-aaral at magsusuri ng piling kanta na bigyang pansin ang hinggil sa isyu ng kahirapan at sa patas na hustisya sa lipunan.
2. Iminungkahi na maglunsad o ipaigting ang patas na pagbibigay hustisya sa kahit na anong istado ng buhay mahirap man o mayaman.
3. Iminungkahi ng manunuri na suportahan ang patas na pakikipagkapawa sa mga taong na laylayan ang istadto ng buhay o sa mga mahihirap.

## SANGGUNIAN


1. Ag, D. (2019). Isang pag-aaral tungkol sa Unemployment ng mga taga U.P. Campus Diliman. ResearchGate.https://www.researchgate.net/publication/376185610_Isang_Pag-aaral_tungkol_sa_Unemployment_ng_mga_taga_UP_Campus_Diliman
2. Agoncillo, Z. O. (2017). Mga Teoryang Pampanitikan. SlideShare. Sinipi sa: https://www.slideshare.net/ZaiOdzongAgoncillo/mga-teoryangpampanitikanpptx?utm
3. Baker, F., Wigram, T., Stott, D., Mcferran, K. (2019). Therapeutic songwriting in music therapy, Part II: Comparing the literature with practice across diverse clinical populations.ResaerchGate.Sinipisa:https://www.researchgate.net/publication/43517130_Therapeutic_songwriting_in_music_therapy_Part_II_Comparing_the_literature_with_practice_across_diverse_clinical_populations
4. BARMM. (2024). Target na bilang ng Malnutrisyon sa 2028. Bangsamoro. https://bangsamoro.gov.ph/news/latest-news/barmm-govt-target-na-mabawasan-ng-10-ang-bilang-ng-malnutrisyon-sa-2028/#
5. Buella, J. (N.d.). Ang kalagayan ng hustisya sa Pilipinas. Scribd. https://www.scribd.com/document/837765874/Ang-Kalagayan-ng-Hustisya-sa-Pilipinas
6. Cahatol, M. (2025). NUPL calls for accountability for arrest of 81 – year – old man mistaken as communist. ABC-CBN News. https://www.abs-cbn.com/news/nation/2025/6/28/nupl-calls-for-accountability-for-arrest-of-81-year-old-man-mistaken-as-communist-1525
7. Dabon, R. M. (2025). Isang Diskursong Pag-Aaral Ng Mga Piling Kanta Ni Noel Cabangon. https://eprajournals.com/pdf/fm/jpanel/upload/2025/January/202501-01-019800
8. Dolor, H.R. (2023). Kahirapan. Scribd. https://www.scribd.com/document/431714433/KAHIRAPAN
9. Gerona, C. (N.d.). Hindi pantay na karapatan ng mayayaman at mahihirap. Scribd. https://www.scribd.com/document/836795460/Chesters-Filipino-Project-2
10. Gustafson, N. (1984). Content Analysis in History Class. Taylor and Francis. Sinipi sa: https://bit.ly/3PtlqTa
11. Hudo, E. J. (2024). Awiting Liriko.Scribd. https://www.scribd.com/presentation/482119144/Awiting-Liriko
12. Lodangco, J. M. (2023). Bias in the Law: A Definitive Look at Racial Prejudice in the Philippine Criminal Justice System: A Systematic Literature Review. Jadhur. Sinipi sa: https://www.jadhur.com/index.php/journal/article/view/133?utm
13. Movilla, S. Z. (2018). Halimbawa ng Pagsusuring Pampanitikan. Scribd. Sinipi sa: https://www.scribd.com/document/462237881/Halimbawa-ng-Pagsusuring-Pampanitikan-docx?utm
14. N.a. (2019). Social Justice and Human Rights. E-Library. Sinipi sa: https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/45/25566
15. Panskie, B. (2024). Mga kadahilanan kung bakit marami ang hindi nakakapagtapos ng pag-aaral. Scribd. https://www.scribd.com/document/391202287/Mga-Kadahilanan-Kung-Bakit-Marami-Ang-Hindi-Nakakapagtapos-ng-pagaaral#:~:text=Ilan%20sa%20mga%20pangunahing%20dahilan,pinakamalaking%20hadlang%20para%20sa%20karamihan.
16. Regalado, J. at Sun, I.Y. (2024). Asian Journal Of Criminology. Springer. Sinipi sa: https://link.springer.com/article/10.1007/s11417-024-09441-1?utm_
17. Tomas, D.S., Payangdo, J., Sagayo, E. (2022). Pagkatuto ng mga Mag-aaral na Kankanaey ng Wikang Filipino Bilang Pangalawang Wika. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/383038106_Pagkatuto_ng_mga_Mag-aaral_na_Kankanaey_ng_Wikang_Filipino_Bilang_Pangalawang_Wika